

Presumptive Eligibility for Pregnant People Programa Impormasyon Tungkol sa Pasyente

Ano ang Presumptive Eligibility for Pregnant People (PE4PP)?

PE4PP nagbibigay ng pansamantalang pangangalagang pangkalusugan para sa mga pangangailangang nauugnay sa pagbubuntis sa mga taong mababa ang kita. Saklaw nito ang:

- Mga pagbisita sa doktor, mga klinika, at mga pagbisita sa emergency room
- Mga prenatal vitamin (bitamina bago manganak) at karamihan sa mga gamot
- Pangangalaga para sa pagkalaglag at pagpapalaglag

PE4PP ay hindi saklaw ang pangangalaga sa pag-labor at panganganak sa ospital o iba pang pamamalagi sa ospital. Para makakuha ng coverage para sa labor at panganganak, kailangan mong mag-apply para sa Medi-Cal.

PE4PP ay agaran at pansamantalang pangangalagang pangkalusugan na may kaugnayan sa pagbubuntis para sa mga taong mababa ang kita, kabilang ang pagpapalaglag at pagkalaglag. Saklaw ang karamihan sa mga pagbisita sa doktor, klinika, at emergency room. Saklaw ang mga prenatal vitamin at karamihan sa mga gamot. PE4PP HINDI saklaw ang pangangalaga sa panahon ng labor at panganganak sa ospital o anumang iba pang pangangalagang in-patient sa ospital. Kailangan mong magsumite ng aplikasyon sa Medi-Cal upang makakuha ng coverage para sa pangangalaga sa labor at panganganak.

Sino ang karapat-dapat para sa PE4PP?

Maaari kang maging kwalipikado kung:

- Sa tingin mo ay nagbubuntis ka
- Ang kita ng iyong pamilya ay mas mababa sa isang partikular na halaga

Ang mga nagbubuntis ay binibilang bilang dalawa o higit pang mga miyembro ng

pamilya, depende sa bilang ng mga inaasahang panganganak. Magsisimula ang coverage sa araw na mag-e-enroll ka.

Paano ako makakapag-apply para sa PE4PP?

Dapat kang mag-apply sa pamamagitan ng isang Kwalipikadong Provider (doktor o klinika na nag-aalok ng PE4PP).

Gaano katagal ako makakakuha ng coverage sa ilalim ng PE4PP?

Ang iyong coverage sa PE4PP ay magtatagal hanggang sa iyong aplikasyon para sa buong coverage sa kalusugan (tulad ng Medi-Cal) ay inaprubahan o tinanggihan. Kailangan mong mag-apply para sa Medi-Cal para mapanatili ang iyong coverage. Kung hindi ka mag-a-apply, ang iyong coverage sa kalusugan ay magtatapos sa susunod na buwan.

Paano ako mag-a-apply para sa isang programa sa pagiging abot-kaya ng insurance para sa pangkalusugan, kabilang ang Medi-Cal?

Maaari kang mag-apply sa iba't ibang paraan:

- **Online:** www.CoveredCA.com o www.benefitscal.com
- **Telepono:** Tumawag sa **1-800-300-1506**
- **Sa Personal:** Bisitahin ang tanggapan para sa mga serbisyong panlipunan ng iyong county (hanapin ang mga lokasyon sa Covered CA)
- **Sa Pamamagitan ng Koreo:** I-download ang aplikasyon para sa **Covered CA** www.CoveredCA.com/apply pagkatapos ay i-fax ito sa **1-888-329-3700** o ipadala ito sa:

Covered California

P.O. Box 989725

West Sacramento, CA 95798

P.O. Box 526026

Sacramento, CA 95852-6026

916-403-2007

TDD: 916-635-6491

Paano kung nakatanggap ako ng bayarin para sa isang bagay na hindi saklaw ng PE4PP?

- Kung hindi babayaran ng PE4PP ang serbisyong medikal, maaaring saklawin ito ng Medi-Cal—ngunit kailangan mong mag-apply sa loob ng tatlong buwan mula sa petsa na natanggap mo ang pangangalaga (hindi ang petsa ng bayarin).
- Kapag pinupunan ang iyong aplikasyon sa Medi-Cal, sagutin ng "oo" ang tanong tungkol sa mga gastusing medikal sa nakalipas na tatlong buwan, kahit na hindi ka pa nakakatanggap ng bayarin.
- Kung nalaglag ang iyong ipinagbubuntis o hindi na kailangan ang coverage, dapat ka pa ring mag-apply para sa Medi-Cal at lagyan ng tsek ang "oo" para sa tatlong buwan na coverage.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan o nangangailangan ng tulong, makipag-ugnayan para sa tulong sa lalong madaling panahon!

Paano kung nabayaran ko na ang aking pangangalagang pangkalusugan?

Kung maaprubahan ka para sa Medi-Cal, hilingin sa iyong provider na singilin Medi-Cal at i-refund ang iyong pera. Kung ayaw nila, maaari kang makipag-ugnayan sa Conlan Beneficiary Reimbursement Program para sa tulong:

Para sa mga Medikal na Bayarin:
Department of Health Care Services
Beneficiary Services
P.O. Box 138008
Sacramento, CA 95813-8008
916-403-2007
TDD: 916-635-6491

Para sa Bayarin para sa Pangangalaga sa Ngipin:
Medi-Cal Dental Program Beneficiary Services